PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE
News and Information Bureau

PRESS BRIEFING OF PRESIDENTIAL SPOKESPERSON HARRY ROQUE
March 1, 2021

SEC. ROQUE: Ngayon po ay nandito po tayo sa University of the Philippines-Philippine General Hospital. Ako po ay nagagalak na dito po sa ospital kung saan ako pinanganak, dito po sinimulan ang national vaccination program ng administrasyon ni Presidente Duterte.

Alam naman po natin na kahapon po, makasaysayan din ang nangyari dahil dumating po ang kauna-unahang COVID-19 vaccines sa Pilipinas, ito po ang 600,000 dosage ng Sinovac na tinawag ng ating Presidente na gesture of friendship and solidarity and hallmark of Philippine-China friendship.

Twenty-five million doses po ang ating sinikyur [secured] ng Sinovac vaccine at ito ay inaasahan natin na ma-rollout bago matapos ang taong 2021.

Ilan sa mga nabakunahan ng Sinovac, ngayon po ay ang presidente at bise presidente ng Indonesia, at presidente ng Turkey, ang chief executive ng Hong Kong, at deputy prime minister at health minister ng Thailand. Mahigit limang milyong Turks o Turko na po ang nabakunahan ng Sinovac matapos nilang magsimula ng kanilang mass vaccination program noong Enero ayon sa Turkey health ministry. Samantala, nasa 3.2 million sa Chile ang nabakunahan na ng Sinovac na nagsimula noong February 3. In fact, dumating sa Chile ang kanilang pang-apat na shipment ng Sinovac vaccine noong February 26. Sa Indonesia, nasa 1.6 milyong katao na po ang nakatanggap ng Sinovac vaccine simula noong January 13.

Samantala, nagsimula na po kahapon ang mass vaccination sa Thailand gamit din po ang Sinovac matapos nitong matanggap ang the first 200,000 doses ng bakuna galing Tsina. Tulad ng ating sinabi, ang deputy prime minister ang unang Thai na nabakunahan dahil ang kanilang punong ministro bagama't gusto niya mabakunahan ay nasa edad sitenta sais or 66 – hindi pasok sa 18 to 59 age group na puwedeng makatanggap ng Sinovac vaccine.

May pagkakahawig po sa atin, sabi nga po ng ating Presidente kahapon sa kaniyang presscon, senior citizen na siya kaya, Vice President Robredo, welcome po kayong magpabakuna ng Sinovac.

Nito weekend din, noong Sabado, natanggap naman ng Malaysia ang kanilang first batch ng Sinovac vaccines. Ganoon din ang Singapore, dumating ang first batch of Sinovac vaccine sa kanilang bansa noong February 23. At ang mga halimbawang ito ay nagpakita na halos magkakasunod lang ang dating ng bakuna, kaya sa mga kritikong nagsasabing nahuli raw tayo ay "research pa more" imbes na magkalat ng mga hindi totoong mga balita.

Now, sa huling—sumatotal po, sa Tsina, ang sabi po ng ating ambahador doon, mahigit na pong 50 million ang nabakunahan gamit po ang Sinovac at ang Sinopharm.

Well, dito po nagtatapos ang ating presentasyon. Makakasama po natin ngayon sa makasaysayang araw na ito, unang-una po muna siyempre ang ating Vaccine Czar, Secretary Carlito Galvez na nabakunahan na rin po ngayon lamang. Kasama rin po natin ang direktor ng UP-PGH, walang iba po kung hindi si Dr. Gap Legaspi – siya po ang opisyal na kauna-unahang tao na nabakunahan sa ating official vaccination program. At kasama rin po natin dalawa pang

NEWS AND INFORMATION BUREAU

doktor na nabakunahan din, Dr. Edsel Salvaña at Dr. Minguita Padilla. Kasama rin po at katabi ko siyempre iyong sinasabi nilang kamukhang-kamukha ko raw, walang iba kung hindi ang mayor ng Siyudad ng Maynila, ang aking kahawig, walang iba kung hindi si Mayor Isko Moreno. Doon sa hindi naniniwalang hindi kami magkahawig, sorry na lang kayo, nasa akin ang mic.

So magandang umaga, Pilipinas. Simulan po natin kay Vaccine Czar—kasama rin po natin ngayon, naku, nakalimutan ko na po 'no, walang iba kung hindi si Direktor Paz Corrales. Ang tawag ko po sa kaniya, Pia Wurtzbach ng DOH.

Now, sir, Vaccine Czar Carlito Galvez, mula po noong Agosto, wala nang tigil ang inyong pagtrabaho para maparating ang mga bakuna at kahapon po ay dumating, at ngayon po ay naturukan na ang ating mga health workers dito sa UP-PGH.

Well, siguro po, besides doon sa iba pang updates kung kailan pa darating iyong mga karagdagang order natin sa Sinovac at kung kailan paparating iyong mga iba pang mga bakuna gaya ng AstraZeneca. Sir, ang unang tanong: Kumusta na po? Ano ang nararamdaman ninyo na sa wakas ay nakapagsimula na tayo? At ano po ang mensahe ninyo, bakit po kayo nauna sa inyong pagbabakuna? Secretary Galvez, the floor is yours.

SEC. GALVEZ: Secretary, paumanhin po, medyo ang ginawa ko po, pinauna ko muna po iyong health workers. So mamaya na lang po ako, last the line na lang po ako at iyon po ang ano natin na mauna po sila.

And then, ang mga balita po, nagpapasalamat po kami sa bansang Tsina dahil kasi talagang napakabilis ng kanilang reaksiyon. At nandito rin po si Usec. Robert Borje na tumulong po sa atin diplomatic channel kaya siya po ang nagpi-pressure na at least makaano po tayo ng bakuna. So palakpakan natin po si Usec. Borje.

At napakaganda po ng ating diplomatic relationship with China at after noong aming ceremony, binulungan ako ni Chinese Ambassador, "If you still have problem on vaccine, just tell us." Meaning, talagang nandoon ang assurance.

At ang aming procurement ay magsisimula this coming March, mayroon kaming nakalaan na one million procurement from Sinovac, at the same time, iyong AstraZeneca, medyo na-delay lang po nang konti because of iyong tinatawag nating global acute shortages at saka mayroon silang mga logistics challenges. So after this, mayroon pa po tayong darating na mga bakuna. Ang ano po namin ay halos magsusunud-sunod na po iyan. At pipilitin po namin na iyong mga available na bakuna na makuha po natin ay maibigay po kaagad natin sa ating mga health workers.

Ang pangako po namin, at least ngayong March, pipilitin po namin na matapos iyong health workers, lahat ng health workers nationwide.

Ang pagkakasabi po ng ating Pangulo, sabi niya na huwag lang i-concentrate sa isang area; kailangan lahat walang maiiwan, walang iiwanan. So geographically, ang sabi niya, bigyan din ang Visayas at saka Mindanao at ang lahat ng mga lugar na apektado ng mga tinatawag natin ngayon na nagkakaroon tayo ng mga rise ng cases.

So iyon lang po, at makakakaasa po kayo ang ating mahal na Pangulo ay lagi pong tinitingnan ang sitwasyon po ngayon. At sana iyong nakita nating pagtaas ngayon, we are looking forward

NEWS AND INFORMATION BUREAU

na iyong ating mga LGUs na pinagtitiwalaan ng ating mahal na Presidente ay talagang ganap po na ginagampanan nila ang kanilang mga tungkulin. At kami po ay nagpapasalamat nandito po si Mayor Yorme at lahat ng ating mga LGUs na ngayon ay talagang sabik na sabik na magkaroon ng bakuna.

Maraming salamat po.

SEC. ROQUE: Oo. Sec. Galvez, bago po natin ilipat ang mikropono, unang-una po, so linawin ko po: Iyong one million Sinovac darating ng buwan ng Marso? At saka kailan po iyong AstraZeneca na naantala?

SEC. GALVEZ: Ang ano po natin ay supposed to be ngayong first quarter mayroon po tayong darating na almost three million, at pang-una nga po iyong 525,600 na sana iyon po supposed to be ngayong araw. But because of some logistical issues, hindi po dumating. So ang inaasahan po natin sa COVAX na mayroon po tayong more or less 3.5 million na AstraZeneca. And hopefully, we hope iyong understanding na talagang mahirap iyong global supply, and hopefully iyong commitment ng COVAX ay kanila pong ma-commit this coming first quarter.

SEC. ROQUE: Sir, huling katanungan: Nag-text po sa akin si Vice Mayor Rama ng Cebu City at si Governor Gwen Garcia ng Cebu Province, kailan daw po ang rollout ng bakuna sa Visayas at saka sa Davao?

SEC. GALVEZ: Ita-transport na po iyong vaccine. Ang pagkakaalam ko, this coming March 3 and 4, ita-transport na nila doon sa Cebu. And then also, this coming March 5 and 6, ita-transport naman nila doon sa Davao.

So ang gagawin nila is a-advance nila iyong transport and then the following day, they will have a rollout doon sa Vicente Sotto at saka sa Southern Philippines Medical Center.

SEC. ROQUE: Maraming salamat, Vaccine Czar Carlito Galvez.

Well, kasama rin po natin ngayon walang iba kung hindi ang alkalde ng Siyudad ng Maynila kung saan nagsimula ang ating mga pagbabakuna.

Mayor, ano po ang mensahe ninyo sa mga taga-Maynila at iba pa nating kababayang Filipino na naghihintay ng iba pang mga brands ng vaccine? Dapat ba hong maghintay o dapat magpabakuna na? The floor is yours, Mayor Isko Moreno.

MANILA MAYOR MORENO: Well, maraming salamat, Secretary Roque. Unang-una, nagpapasalamat kami sa Diyos; Pangalawa, nagpapasalamat kami sa National Government, kay President Duterte, through the leadership also of Secretary Galvez na dito sa Maynila ginawa ang kauna-unahang pagbabakuna laban sa COVID-19.

And natutuwa kami na ang PGH which is the center of good quality public health care sa ating bansa – ang PGH – ay iyong liderato ng PGH which nakaka-inspire para sa amin. Si Dr. Gap na nagpabakuna, na siya ang namuno ng bakunahang ito. Now, I think this will help our fellow Manileños to decide later on, today or tomorrow, na si DG Domingo, si Director Gap 'no, si DG Domingo na director ng FDA na siyang nagsertipika at sampu ng kaniyang mga kasama na propesyonal.

NEWS AND INFORMATION BUREAU

Sinertipikahan iyong Sinovac as safe at nakakuha ng EUA ay siya mismo ang nagpabakuna sa sarili niya rin. So, this will help curb the emotions and understanding of our people. In fact, kami ni Secretary Galvez kanina nag-uusap kami, “Ano, paturok na tayo!” Kasi naniniwala kami sa Sistema, that FDA did their job and due diligence was practiced in giving EUA to this vaccine that we are utilizing.

Kaya lang sabi nga ni Secretary Galvez may bilin si Pangulo at may bilin ang IATF: Unahin muna iyong medical frontliners. Oh, ngayon sa mga hindi pa desidido na medical frontliners, ipapaalala ko lang: Kulang ang supply, hindi ng Pilipinas kung hindi ng buong mundo, okay? Buong mundo, so huwag nating sayangin iyong opportunity na hindi tayo mabakunahan at madagdagan ang ating panlaban ng ating katawan kung sakaling tayo ay ma-impeksiyon.

But, then again after the vaccination, please nakikisuyo ako, continue to wear your mask and practice minimum health protocol like physical distancing.

Then lastly, thank you very much to the Chinese Government. Thank you for your kindness, thank you for this vaccine. This is free of charge, dineliver ninyo pa sa Pilipinas nang libre rin, so thank you very much. The least that we can do is to say thank you to you, on behalf of the people of Manila where PGH is located.

And now our medical frontliners, tomorrow, sabi sa akin ni Director Corrales, eh, ang DOH magbibigay ng share for the local hospital owned by the local government unit. Kaya sa ating mga doktor at nurses, natutuwa naman kami, sa Sta. Ana Hospital maraming nagsabi ng oo. And I hope mas marami pang mag-oo dahil mga doktor, mga nurse, mahal namin kayo dahil kailangan namin kayo o kailangan namin kayo dahil mahal namin kayo.

Parang pelikula lang iyan. Pero ang katotohanan kidding aside, kayo ang pinakamahalaga sa laban na ito. Kaya if we can protect you immediately as soon as possible, let’s do it! Let’s believe that good things will come to us. So, muli sa inyong lahat, Secretary Roque, maraming salamat. Please extend our thanks to the President na naririto na ang bakuna.

This is our new hope at alam naman namin na may awa ang Diyos at makakaraos din tayo. Kapit lang! Isang bansa, isang diwa, sama-sama, walang away-away. Vaccination is the solution to the nation.

SEC. ROQUE: Maraming salamat, Mayor Isko Moreno. Habang tayo po ay nagpi-press briefing, tuloy po ang pagbabakuna ng mga medical frontliners – mga cameras, ipakita po natin. Hindi lang po symbolic ang nangyari dito sa PGH. Tuluy-tuloy na po na binabakunahan ang lahat ng mga medical frontliners na nais mabakunahan.

And I stand corrected, si Secretary Galvez po, talaga naman pong ibang klase po ang liderato ni Secretary Galvez. Maski siya ang naghirap para dumating ang bakuna, magpapahuli po siya at ipinapauna muna niya ang mga frontliners. Iyan po ang tunay na leader.

Ngayon, katabi ko rin po, noong Huwebes ang sabi niya handa na ang mga taga-PGH at ang mga doktor para magpabakuna laban sa COVID-19 at ngayon nga po narito tayo ngayon sa UP-PGH kung saan nagpapabakuna na ang mga medical frontliners.

Ang tanong ko lang kay Dr. Gap Legaspi, ano ba ho ang naging response ng ating mga doktor at iba pang medical frontliners dito sa PGH? Totoo ba ho na ang karamihan ay tutol daw kagaya ng nalathala sa ilang mga peryodiko?

NEWS AND INFORMATION BUREAU

Pero sa aking nakikita po, tuluy-tuloy po ang pagbabakuna at mukhang we will exceed iyong target na nai-set natin initially, dahil mukhang mas maraming gusto nang magpabakuna. The floor is yours. Dr. Gap Legaspi.

PGH DIRECTOR DR. LEGASPI: Maraming salamat, Sec. Ang nangyari po sa PGH ay nangyayari kahit saan po. Kapag may bagong sistema ay kailangan ng komunikasyon. Palagay ko, nagkaroon lang ng kaunting miscommunication which we were able to solve noong nag-town hall meeting po.

Nakita natin sa mga social media, sa diyaryo, kung ano ang sentimyento ng mga taga-PGH at hindi po dapat tayo magulat kasi kapag walang ganoon hindi po siya UP o kaya PGH 'no. Pero nakita naman natin after the town hall meeting – nakita po ng isang libo mahigit po, ang nag-attend ng town hall meeting – naliwanagan na, unang-una, may choice. Ini-announce din po kasi sa meeting na iyon ang AstraZeneca ay darating kaya talagang nagkaroon ng malaking luwag ng damdamin na ang mga tao ay naintindihan na may choice.

Pangalawa, ito po ay boluntaryo. So, kailangan ho natin talagang idiin na ito ay boluntaryo dahil hindi po puwedeng ipilit kahit kanino ang ayaw niya. Ang pangkalahatang response ng ating mga kasama sa PGH ay nag-i-improve habang tumatagal po 'no. Lagi ko pong sinasabi po, masuwerte tayo pinaliligiran tayo ng mga scientists at mga researchers at ang ating mga datos ay unang lumalabas at naii-evaluate natin and that's why nakadesisyon tayo sa Sinovac base sa siyensiya.

Sinabi ko po sa town hall, alisin natin ang ating view sa vaccine hiwalay sa pulitika, hiwalay sa partido, hiwalay sa administrasyon, hiwalay sa paniniwala, kung hindi batay sa siyensiya na malinaw. At si Dr. Domingo po ay hindi maglalabas, alam ko po ang kaniyang Vaccine Expert Panel hindi po maglalabas nang hindi po sigurado. Kaya po tumagal nang anim na linggo katulad ng sinabi niya whereas ang iba ay 21 days, 22 days ang ilalabas nila, kasi po kailangan makumpleto ang datos bago nila ilabas.

Hindi po siya ganoon kaganda sa pananaw ng karamihan pero kapag sinuri ninyo nang mas malalim maiintindihan po ninyo kung bakit ako ang unang nag-volunteer na magpabakuna. In fact, ang asawa ko po at anak kinausap ko kahapon, sinabi ko dahil hyper allergic sila, malamang po itong bakuna ang aking iri-recommend sa kanila.

So, hindi po ako—katulad ng sinabi ko, ang akin pong mga pananaw ay hango sa aking paniniwala sa datos at walang ibang basehan po 'no. So I'm very happy that our support from the President's office, the Department of Health, of course Secretary Galvez who has been with us during the dark days of COVID 'no. Noong ang problema ho natin labintatlo ang bangkay sa ating morgue, siya po ang nag-solve noon 'no, pinabuksan niya iyong mga cremation facilities para po tanggapin ang ating mga bangkay.

Noon pong ang ating mga healthcare workers ay hina-harass sa Padre Faura, tumawag po ako sa Office of the Mayor, wala pong sampung minuto may mga pulis na nandoon. So I think ang pinapatunayan lang po nito mula noong isang taon hanggang ngayon, that hindi po masu-solve 'to nang parti-partido. This can only be solved by one nation, whole-of-government approach.

So kaya po malaking-malaki ang pasalamat ng PGH at, if I may, I would like to take this opportunity to thank the committees in charge, the vaccine committee of PGH, the Director's

NEWS AND INFORMATION BUREAU

Office, the COVID Crisis Committee and of course all the departments that were involved in making this happen.

Kaninang umaga po, alas dos dumating ang bakuna at ngayon po'y na-rollout natin at malaking pasalamat po namin sa inyong lahat. Thank you very much.

SEC. ROQUE: Maraming salamat Dr. Gap Legaspi, Medical Director UP-PGH.

Kasama rin po natin ang isang suki na nabakunahan na kanina lamang. Siya po ay isang Infectious Disease Specialist at ang tanong ko: Doc., bakit kayo nagpabakuna, 50% 'di umano lang daw ang efficacy rate ng Sinovac. Paki-explain po uli doon sa mga hindi nakakaintindi at ayaw umintindi, ano ba po ang ibig sabihin niyang 50% at bakit nga kayo bilang isang espesyalista sa infectious disease ay nagpabakuna ng Sinovac? The floor is yours, sir.

DR. SALVAÑA: Magandang umaga po sa lahat. Alam ninyo naman po, ako hindi lang po infectious disease kung hindi po ako rin po ang Director ng Institute of Molecular Biology and Biotechnology sa NIH na isa sa pinakaunang RT-PCR laboratory po aside from the sub-national labs ng DOH. So from the diagnostics po until the therapeutics, nag-aalaga rin po ako ng mga pasyenteng may COVID-19.

At iyon nga po sa pagbabakuna, pinag-aralan ko po iyan lahat, kasama po ako ng Technical Advisory Group na may access rin po doon sa mga… even the confidential papers po. At sa pag-aaral po namin, itong Sinovac, iyong 50.4% is the efficacy for mild but it is 78% efficacious for moderate and 100% efficacious for severe COVID-19. Kung nakita ninyo po iyong presentation ko sa Congress, ang ginamit ko pong slide to compare is iyong leon po, ginagawa nating kuting. In other words, we are turning COVID-19 from a deadly disease that has shut down our whole world into the common cold. Wala pong takot sa sipon, marami pong takot sa COVID – iyon po ang gagawin natin, tatanggalan natin ng pangil ang COVID para hindi na po siya nakakatakot.

Ngayon kung may mga ibang bakuna dumating na iyong tinatawag na sterilizing immunity, mas maganda po talaga iyon dahil hindi na po makakapag-transmit at all. Pero wala pa pong ganoong bakuna sa ngayon. Lahat po ng bakuna ngayon pantay-pantay for now, iyong severe po talaga ang target. Kaya po ito Emergency Use Authority dahil may emergency po talaga tayo. Normally ang bakuna one year follow up bago ilabas pero alam na po natin iyong impact ng ganitong bakuna will save lives.

For example po, 2.5 million people na ang namatay sa COVID ngayon, kung mayroon tayong bakunang ganito katulad ng Sinovac, kung dineploy natin iyan at the start of the pandemic, hindi po lalampas ng isanlibo iyong namatay dahil almost 100% po iyong severe. Can you imagine, magkakasipon ang mga tao pero walang mamamatay. Marami pa sana tayong mga kasama na buhay ngayon.

Iyon lang po talaga ang hinihingi ko sa inyo, na tanggapin po natin kung anong bakuna ang nandiyan dahil ito po ay makakapagsalba ng buhay – 100% po sa severe, 50% sa inyo magkakasipon pero iyong 50% na hindi nagkakasipon, hindi na masyadong makaka-transmit. Doon sa 50% na magkakasipon, walang mamamatay.

So kung takot po talaga kayo sa sipon, hintayin ninyo iyong aabot ng 95%. Pero kung takot po talaga kayong mamatay, kunin ninyo na 'to dahil baka mahawa pa kayo. So ang sabi nga sa America and everywhere else in the world, the best vaccine is the vaccine that is in your arm.

PRESS AND INFORMATION BUREAU

So nasa arm ko na po siya ngayon at tuwang-tuwa po ako at nagpapasalamat po ako sa gobyerno, sa China, sa mga scientists na gumawa ng paraan para maisalba po tayo dito. So I encourage everyone to get the vaccine that is here now. Thank you very much.

SEC. ROQUE: Maraming salamat, Dr. Salvaña, ang tunay na eksperto. Now kasama rin po natin isa pang doktora naman na nagpabakuna rin. Siya po ay isang clinical professor dito, associate professor sa UP-PGH, founder ng iBank at isa po siyang miyembro ng Doctors for Truth and Public Welfare. Dra. Minguita Padilla, isang suki na naman.

Ang tanong: May mga ibang doktor po na nagsabi na nais nilang mag-antay ng mas magandang brand kaysa dito sa Sinovac. Eh bakit kayo, Doktora 'no, bakit hindi ninyo inantay ang mas magandang brand 'di umano at nagpabakuna na kayo ngayong araw? The floor is yours, Dr. Minguita Padilla.

DR. PADILLA: Salamat, Secretary Harry Roque. Magandang umaga sa inyong lahat.

Actually, sisimulan ko iyong aking sasabihin by saying that noong nagpabakuna si Director Gap Legaspi, ang daming nag-Viber sa akin, naiyak daw sila, mga doktor naiyak 'no noong nakita si Dr. Gap Legaspi nagpapabakuna. Kasi parang ang dami-daming mga agam-agam, ang dami-daming mga false news, ang daming fake news, ang daming siraan but when the Director of PGH is vaccinated, that's a very, very strong statement. And pati si Director General Legaspi tapos si Edsel Salvaña, tapos nakita ng mga pasyente ko na ako nagpabakuna, ang dami nagti-text.

The reason why nagpabakuna ako today is because alam ko kahit anong gawing kampanya, kahit anong gawing convincing, kahit anong gawing gimmick, hindi magkakaroon nang panatag na loob, hindi magiging panatag ang loob ng taumbayan na magpabakuna hangga't hindi nila nakikita na ang kanilang mga doktor na pinagkakatiwalaan ay nagpabakuna – that's very important. No matter what you do, it will not happen. You see now, I'm telling you dadami ang magpapabakuna pati sa mga doktor at nurse kasi nakita nagpabakuna kami. That's why I'm here 'no, that's why I'm here today. Thank you.

Now, you cannot blame some doctors for—iyong sabi nga ni Edsel pero uulitin ko lang iyong sinabi ni Edsel – the best vaccine is the vaccine now. Ako ay doktor sa mata, ang dami kong pasyenteng may COVID. Kasi ang mga doktor sa mata, hindi ka puwedeng mag-virtual, ang lapit namin 'di ba? We spend a lot of time with the patient, limang beses na akong nagpa-swab. 'Ika nga ni Mayor Isko Moreno, maghintay ka ngayon baka bukas nahawa ka na. Kung you can get it now, that's the message that's why I am here… sa mga pasyente ko, sa mga taumbayan, sa mga ibang doktor, sa mga ibang healthcare worker huwag na kayong maghintay, get it now.

As Edsel said, iyong isang leon magiging pusa na lang. Ang isang matinding sakit, magiging sipon na lang at hindi tayo mamamatay dahil sa COVID. So nagpapasalamat ako sa PGH, nagpapasalamat ako sa mga lahat ng gumawa ng paraan para makuha itong bakuna – si Secretary Galvez and the Chinese government as well 'no. And sana dumating na iyong ibang mga bakuna 'no, pero in the meantime whatever is here, magpabakuna na ho tayong lahat. Importante ho sa ating lahat para mayakap na natin uli ang mga mahal natin sa buhay, makita na natin uli mga kaklase natin. You know, we can go back to being close again with our love ones. Thank you very much.

NEWS AND INFORMATION BUREAU

SEC. ROQUE: Maraming salamat, Dra. Minguita Padilla. At alam mo, bago tayo magsimula ng open forum, kasama ko kasi dito iyong talagang crush ng bayan na si Dra. Paz Corrales ng DOH. Habang nagpapabakuna po ang mga medical frontliners sa PGH, kasabay rin pong nagpapabakuna ang mga medical frontliners sa Lung Center, sa Philippine Veterans Hospital at saka sa Jose Rodriguez Hospital at saka sa PNP Hospital. Siguro po maikling mensahe galing sa DOH. Si Secretary Duque po nasa Lung Center inaasahan din nating magpapabakuna. Pero maikling mensahe po galing sa DOH, galing kay Dr. Paz Corrales.

DR. CORRALES: Thank you very much, Secretary Roque. Sa DOH po, kagaya po nang sinabi ng aming butihing Secretary of Health, si Secretary Duque, this is a herculean, a gigantic task and DOH cannot do it alone - we have to be all in one. Kagaya po ng sinasabi ko parati sa aming mga Code visit: We work as one, we heal as one and we will bakuna as one. Magandang umaga po.

SEC. ROQUE: Okay, simulan na natin ang ating open forum. Usec. Rocky, alam kong maraming mga katanungan, simulan na natin ang tatlong questions galing sa iyo. Go ahead, Usec. Rocky.

USEC. IGNACIO: Good morning, Secretary Roque at sa atin pong mga bisita.

Ang una pong tanong ay para kay Secretary Galvez, mula po kay Llanesca Panti ng GMA News. Secretary Galvez, ang tanong po niya: FDA approved EUA for Pfizer way back January 14 but it was only on February 11 that Vaccine Czar Carlito Galvez, Jr. told the Senate that the lack of indemnification law has delayed the arrival of Pfizer COVID-19 vaccines from COVAX. Ano po ang mga hakbang na ginagawa ng gobyerno in between January 14 and February 11? Halos isang buwan daw po ito para makakuha tayo ng Pfizer vaccine galing COVAX if there was any.

SEC. GALVEZ: I-correct lang po natin iyong dates kasi ni-raise na po namin iyong indemnification law noong first hearing pa ng Senate, I think that's January 15, and sinabi na po namin iyan na talagang dapat pong magkaroon ng indemnification law considering that most of the manufacturers are afraid na magkaroon ng tinatawag nating liabilities from adverse effect. And iyong nakita po natin noong unang negotiation namin ng Pfizer, hindi po nila inilabas iyong tinatawag nila na extensive indemnification agreement. That's why ito lang na lumabas noong nagkaroon tayo ng ano na COVAX na darating na sila this coming February 15, doon po lang nila inilabas iyong tinatawag na annex sheet.

So kami, talaga pati kami nabigla dahil kasi ang nanghihingi lang ng indemnification law or iyong tinatawag na statutory law for vaccine is only iyong Johnson and Johnson. Ang Pfizer hindi niya po iyan ni-raise that's why nabigla po kami noong sinabi nila na we need to have an annex. And iyon nga po, mayroon silang pinapatanggal na provisions that we cannot do considering that is only our protection kung just in case nagkaroon ng gross negligence. Iyon lang po.

SEC. ROQUE: Okay. Sa panig naman po ng Presidente, malinaw po ang posisyon ng ating Presidente 'no. Iyong ating batas po na pinasa ng Kongreso, iyan po ay nagbibigay na ng lahat ng hinihingi ng ating mga vaccine manufacturers. We're very proud of that law but we cannot give anymore because binigyan na nga po natin ng lahat ng gusto ng mga pharmaceuticals. Inaasahan pa rin po sana natin na dumating ang Pfizer pero kung talagang hindi po sapat ang batas natin, we have done the best that we could at si Secretary Galvez po, sinisigurado naman that we will have enough vaccines for all Filipinos na pinangako po ng ating Presidente.

NEWS AND INFORMATION BUREAU

Next question, please.

USEC. IGNACIO: Opo. Ang second question po ni Llanesca Panti ng GMA News: Nakabili na po ba daw ang gobyerno ng bakuna sa COVID-19? Kung nakabili na, magkano po ito at kailan daw po ito darating?

SEC. ROQUE: Secretary Galvez, nakabili na ba ho daw tayo ng bakuna laban sa COVID-19? Kasi donated itong una.

SEC. GALVEZ: Nasabi na po kanina ni Mayor na talagang ang ating global supply ay talagang very acute ang shortage that's why lahat ng ASEAN nation and even Muslim nations, ang Sinovac at saka iyong Sputnik V ang ano lang, ang available. Kaya po tayo, mayroon tayong procurement this coming March, mayroon po tayong 1 million from Sinovac and also, we are looking forward ngayon sa COVAX na 3.5 million na naipangako po ng COVAX at ang Gavi ay darating po ng first quarter din po.

SEC. ROQUE: Okay. Usec. Rocky, last question bago tayo pumunta sa ating mga kasama sa Malacañang Press Corps.

USEC. IGNACIO: Opo. Ang tanong po ni Kris Jose ng Remate para po kay Mayor Isko Moreno: Gaano po kahanda ang mga Manileño na magpabakuna ng Sinovac? Kailan po kayo magpapabakuna para po mapataas ang kumpiyansa ng mga Manileño?

MANILA MAYOR MORENO: Thank you, Usec. Ang Maynila, mayroon na po kaming 90,000 as we speak today na pre-registered under manilacovid19vaccine.com. Now—but before we go to that general population, we will continue to follow the directive of IATF that the vaccine that are available in Manila today and in the coming days will be dedicated to our medical frontliners. And kung sakali na mayroon pa rin matitira at hindi pa nagdesisyon iyong ibang medical frontliners, gagamitin naman namin ito sa mga economic drivers ng ating bansa—o ng siyudad 'no – katulad ng mga, halimbawa driver, vendor sa palengke, mga workers and all other economic drivers after namin ma-fulfill iyong requirements ng IATF.

Third, magpapabakuna ba ako ng Sinovac? Sa totoo po, gustung-gusto na namin ni Secretary Galvez ngayon. Kanina kami nagtalagang … "*Ano, papatira na ba tayo?*" Eh kaya lamang may tagubilin so we continue to follow the system and the rules – let the medical frontliners to avail it first. At kung ano matitira sa amin, iyon ang titirahin namin.

But tomorrow, Sta. Ana Hospital will receive through Director Corrales and IATF and DOH ng aming share para sa aming medical frontline. Now ang good news if I can share it to you, I think as of yesterday, we have about 300 plus medical frontliners that are willing to get vaccinated through Sinovac.

Ngayon balik ako doon sa pagpapabakuna namin ni Secretary Galvez, ako mismo ay magpapabakuna ng Sinovac. Hindi ako maghihintay, hindi ako magbabaka-sakali at hindi ko pababayaan o ikikibit-balikat ang bigat ng eksperiyensa ng mga na-infect ng COVID-19. Once it is available, we will acquire but we will follow the rules. We will not violate it. And I hope by tomorrow, I'll get vaccinated of whatever is the remnant of available Sinovac vaccine for the City of Manila.

NEWS AND INFORMATION BUREAU

Sa mga taga-Maynila kung kami ay ready sa pagpapabakuna, sabi po ng DOH ang Maynila po ay pumasa – in fact we got about 90% na approval sa aming plano. So we are ready to vaccinate. Ang kailangan na lang namin, dumating sa amin ang bakuna. Iyon po, Usec. Rocky.

SEC. ROQUE: Salamat, Mayor. Salamat, Usec. Melo Acuña naman tayo, Asia Pacific Daily.

MELO ACUÑA/ASIA DAILY PACIFIC: Good morning, Mr. Secretary. It's a pleasure to see you at PGH. My questions first for Secretary Galvez, if you may Secretary Harry?

SEC. ROQUE: Go ahead, please.

MELO ACUÑA/ASIA DAILY PACIFIC: Yeah, thank you. Para po sa impormasyon ng ating mga kababayan, ilan na po kayang agreements ang nalagdaan ng Pilipinas upang matiyak ang daloy ng pagpasok ng bakuna sa Pilipinas sa mga susunod na araw?

SEC. GALVEZ: Iyong agreement po natin tapos na po iyong AstraZeneca kasi iyon po agreement ng LGU at saka ng ano po natin. And then this coming March 1, itong araw na ito, we will talk with Moderna kasi patapos na po iyong supply agreement po namin. And then also iyong Johnson and Johnsons, dahil nagkaroon na rin po sila ng US FDA approval ay inaantay na lang po namin iyong final draft nila at pipirmahan na rin po namin. At ang susunod po iyong Novavax, pagpunta po namin sa India this coming 9 and 12, pipirma din po kami ng aming supply agreement at baka magkakaroon po kami ng other supply agreement para naman doon sa AstraZeneca at saka Covishield na bibilin ng gobyerno doon sa Serum Institute of India. So iyon po ang ano po natin and then hinihintay din po natin iyong ating FDA sa Gamaleya, sa Sputnik V para at least iyong ating tripartite agreement with the LGU magsimula na rin po.

SEC. ROQUE: Sec. Galvez, follow up lang 'no. Sabi ninyo darating within March din iyong 1 million na Sinovac. So ibig sabihin napirmahan na rin po natin iyong supply agreement with Sinovac?

SEC. GALVEZ: Iyong ating ano, tinatawag nating PO, may PO tayo na 1 million. Ang ginagawa kasi natin, ang agreement natin sa Sinovac, iyong per PO, ibig sabihin iyong Purchase Order, iyon po ang kanilang proseso eh – so iyong Purchase Order na 1 million, mayroon na po tayong pondo doon, ang pondo po natin doon is 700 million. So once na napirmahan na po namin iyon, dadating po ang 1 million this coming March po, in tranches po. Nakita po natin iyong 500,000 ay isang malaking eroplano po iyon, so in two tranches po iyon.

SEC. ROQUE: So ibig sabihin, ang ating mga mayroon nang agreements, 17 million AstraZeneca, 25 million Sinovac at inaayos pa natin iyong sa Novovax, pagpunta ninyo ng India at malapit na rin po ang Johnson & Johnson.

SEC. GALVEZ: Yes, ang Johnson & Johnson, actually iyong supply officer nila ay embedded na po sa atin para po pag-aralan iyong ating logistic system. And halos lahat po ng lima na company na ating na-negotiate, halos ano na po iyon, iyong supply agreement, parang ano na po, ministerial na lang po iyon, kasi na-discuss na po lahat. Ang ano lang po tinitingnan po kasi, sinabi ko na sa una, hindi natin mapirmahan kung wala pa po talaga iyong indicative date na ano po natin. Let us remember na iyong pirmahan po namin ay talaga po, doon nakasalalay sa payment sa delivery. Sa ngayon po nakita po natin, dahil ang AstraZeneca na-delay, dahil kasi nakita natin, iyong global shortages talaga.

SEC. ROQUE: Next question, Melo?

NEWS AND INFORMATION BUREAU

MELO ACUÑA/ASIA PACIFIC DAILY: Secretary Galvez, kung ganoon po, is it safe to say na puwede na nating banggitin kung magkano ang halaga noong mga bakunang nalagdaan na natin base sa kontrata?

SEC. GALVEZ: Sa ngayon hindi pa po natin masasabi po iyong ano, dahil kasi katulad po ng Novovax, wala pa tayong final price, it may go down to $2 or it may go down to less $1. Pero nakita po natin, halos iyong mga presyo po noon, very affordable and decent price. So, wala pong problema, nag-ano po ako sa ating mga kababayan na iyong presyo po na nakuha po natin talaga, napakaganda.

MELO ACUÑA/ASIA PACIFIC DAILY: Secretary Harry, para po sa inyo. To add color to the story doon sa naganap kahapon, doon po sa dineliber ng Tsina na mga bakuna. If we are to quantify its amount, how much in dollar terms or Chinese Yuan was it for the 600,000 doses of vaccines that arrived yesterday?

SEC. ROQUE: Ano po ang tanong ninyo, magkano ang cost or what?

MELO ACUÑA/ASIA PACIFIC DAILY: If you were to quantify, if we are to quantify in peso or Yuan or dollar, how much was it?

SEC. ROQUE: Well, alam po ninyo, I think iyong dumating na 600,000 hindi po talaga pupuwedeng ma-quantify in money terms. Ang importansiya noong pagdating po niya talagang gusto nang magbakuna ang mga Pilipino at nakita naman natin noong sinabi nilang darating kahapon, dumating po kahapon. Beyond pesos and cents, tingin ko po iyong pagdating ng bakuna kahapon gives all Filipinos hope na matatapos na itong pandemyang ito. It goes beyond kung magkano man per vial iyan, dahil ang importante po ngayon, alam ng Pilipino matatapos na rin itong paghihinagpis at pagdurusa natin sa COVID-19 at mayroon na tayong bagong pag-asa. I would say the arrival of the Chinese vaccines is unquantifiable in pesos and cents.

MELO ACUÑA/ASIA PACIFIC DAILY: Thank you very much, Mr. Secretary. Have a nice day!

SEC. ROQUE: You too, Melo. Balik tayo kay Usec. Rocky.

USEC. IGNACIO: Yes, Secretary, ang question mula kay Vanz Fernandez. Ito po ang tanong niya: With the vaccines finally arriving, may you offer daw po a solid statement of final reassurance to those Filipinos who are still hesitant to get vaccinated?

SEC. ROQUE: Can I ask Dr. Salvaña, our infectious specialist, to answer that question, please?

DR. SALVAÑA: Maraming salamat po. Ganito po siguro, ang pinakamaganda nating isipin, kapag na-approve na po ng FDA, mayroon po tayong EUA, pinag-aralan na po iyan ng ating mga dalubhasa – lahat po ng bakuna ay equivalent in terms of efficacy. Lalung lalo na sa pag-prevent ng severe infection. And so, like we said, the best vaccine that you can get is the one that is here, the one that is available, the one that is in our hand. Dahil hindi po natin alam, mag-delay po tayo ng limang araw, eh baka mahawa tayo ng COVID within that time. Ganoon po ang nature ng infectious disease, hindi po ito parang sakit sa puso na puwede kang maghintay ng kaunti. Kapag tinamaan po kayo puwede po kayong mamatay. Everyday counts!

NEWS AND INFORMATION BUREAU

USEC. IGNACIO: Okay, thank you po. Question from Celerina Monte ng Manila Shimbun para po kay Secretary Galvez: Of the donated Sinovac vaccines, how many doses will be deployed to Visayas and in Mindanao this week?

SEC. GALVEZ: Iyong sinabi ko po kanina na iyong deployment po sa Mindanao at saka sa Visayas, March 3 ang Visayas at saka March 5 ang Davao. Uunahin po doon ang Vicente Sotto, mahigit na isang libo po ang tauhan niya at saka po iyong ating Southern Philippines Medical Center. At kung mayroon pa pong sobra, bibigyan natin iyong mga ibang regions dito sa Region III, Region IV-A and also Baguio City and also other areas na tinamaan ng COVID-19. At nakikita po namin equitable po iyong magiging distribution po nito, hindi lang po tayo Metro Manila, pati Visayas and Mindanao po.

SEC. ROQUE: Thank you very much. Punta naman tayo kay Pia Rañada.

PIA RAÑADA/RAPPLER: So, sir, tama ba, you are going to get vaccinated in the next few moments? And can you just clarify, sir, because obviously, not all Cabinet members or national officials can get the Sinovac vaccine. So, sir can we just know, sino po iyong Cabinet members or national officials who will get these first vaccines and do we have a schedule for when they will get vaccinated as part of the confidence boosting program for the vaccination?

SEC. ROQUE: Ang alam ko po si Secretary Duque. Si Secretary Galvez, although as I said, he opted na mauna na muna iyong mga frontliners and I have the data now from Director Gap Legaspi, we have vaccinated around 96 individuals already 'no in one hour. And this is a lot more than we expected, Doc, tama ba ho ito?

DR. LEGASPI: So katulad ng sinabi ko sa iyo noong una kaming nag-survey, ang lumabas lang eh, una, 12%, tapos habang tumatagal naging 8%, tapos ngayon naging 10%. So nag-prepare kami ng hanggang 20 to 50 for today. But Dr. Homer Co is in charge of the micro planning and he said, sir, palagay ko darating iyong mga tao and they did. So we are stopping it at 100 kasi po ipinangako natin ceremonial lang ito and we will prepare better for tomorrow. But we are happy with the turnout, 96 as it is now, tatapusin po natin iyong isang daan at bukas po mas papagandahin pa natin ang sistema para mas mabilis din po. Salamat po.

SEC. ROQUE: Si Secretary Vince Dizon, sa Jose Rodriguez Hospital ay tapos nang mabakunahan. Ako po willing mabakunahan, kaya lang kagaya ng sinabi ni Dr. Gap Legaspi ay ubos na iyong 100 nila for the day 'no. So we will have to come back on another day. Next question Pia.

PIA RAÑADA /RAPPLER: Sir, I also noticed in Vaccine Czar Galvez' list, wala po tayong parang date for Pfizer naman, sir. Can we just get an update on the Pfizer order, where are we there and do we have a date for its arrival?

SEC. GALVEZ: Iyong sa Pfizer order natin, ongoing pa rin iyong negotiation. Sila na lang ang hinihintay natin kasi matagal na tayong nagsabi na [garbled] na iyong indemnification agreement namin and sila talaga ang may tangan ng kanilang bola. And with the enactment of the law na at least nagkakaroon ng tinatawag nating conditional immunity doon sa ating vaccine considering na mayroon tayong EUA na sinasabi nating Emergency Use Authorization pa lang ay talagang sinasabi natin sa Pfizer na they are fully immune on any litigation because the government will take care of the indemnification of those people who will have iyong

NEWS AND INFORMATION BUREAU

adverse effect. So sa ngayon, nakikita natin para hindi naman mag-ano iyong mga tao, nakita natin na talaga iyong supply ng Pfizer ay talagang in demand.

And we should not expect na iyong Pfizer ay darating sa madaling panahon dahil kasi nakita natin na halos lahat ng bansa ang kinukuha nila ay ang Pfizer at saka Moderna and also AstraZeneca. Iyon po ang masasabi ko lang po sa ngayon.

PIA RAÑADA/RAPPLER: Can you give a definite timeline, sir? Bale, not to expect it in the first quarter of 2021 so, sir, you think it's better to expect it second quarter of 2021? Ganoon po ba iyon?

SEC. GALVEZ: Ang nakikita natin, baka doon sa second quarter, iyong COVAX ng Pfizer ang makukuha but not on the procurement. Kasi sa procurement, ang sinasabi nga nila initially, third quarter at saka fourth quarter kasi wala na silang supply.

PIA RAÑADA/RAPPLER: Okay. And sir, last question for Secretary Galvez. Sir, sabi ni Presidente kahapon na baka kapag …mayroon siyang sinayt [cited] na figures na kung 20 million Filipinos ang ma-vaccinate, baka ma-lift na niya po iyong mga restrictions on the economy. Sir, as the Vaccine Czar and overall chief, sir, can you say, sir, around when this could be? Like if you have a target, if the President's 20 million people to get vaccinated, when can we expect this number to be reached? And, sir, can you then give a timeline of when we can expect the economic restrictions to be lifted?

SEC. GALVEZ: I believe iyong inyong tanong will be an IATF decision.

SEC. ROQUE: Thank you, Pia. We go now to Trish Terada please of CNN Philippines.

TRICIAH TERADA/CNN PHILS: Sir, first question: Do we have an idea—I think this is for Secretary Galvez 'no. Do we have an idea as to how many healthcare workers signified to get vaccinated with Sinovac? And we're curious about the distribution process. Because for example, sir, nabakunahan na iyong mga nag-signify or iyong gustong kumuha ng Sinovac, how are you going to distribute these afterward? You said, economic frontliners, but how will this go? Will they also have the opportunity to decline the vaccine without using their priority?

SEC. ROQUE: Secretary Galvez and perhaps Director Corrales after.

SEC. GALVEZ: Nakikita natin ngayon na baka kasi sa … nakikita natin ngayon ang magandang resulta ng vaccination dito sa UP ay baka tumaas po iyong level ng acceptance sa Sinovac. And considering also na talagang nakikita naman natin na maganda ang effect ng Sinovac sa Turkey at saka Indonesia na more than five million na sa Turkey at 1.6 na sa Indonesia, nakita natin baka magkaroon ng tinatawag nating increase on the uptake of Sinovac sa healthcare workers.

Sa initial natin, nakita natin na more or less, out of 1.7 na ating health workers ay more or less, 200 to 300 lang ang medyo possibility na sila ang kumuha ng Sinovac. But sa ngayon ay hindi natin masasabi. Let's wait for siguro mga two to three days, makikita po natin ang actual uptake na kung tataas pa po iyon.

SEC. ROQUE: Dra. Corrales if you could add, iyong rollout specifically?

NEWS AND INFORMATION BUREAU

DR. PAZ CORRALES: Initially po, hiningan namin ng numbers of possible Sinovac vaccinees bawat hospital. We asked all the directors of the different Level III and DOH government hospitals, ilan ang possible na tatanggap ng Sinovac vaccination. Iyon po, from there, kung ilan po, iyon po ang binibigay namin na initial dose. And sometimes, if the supply is still there, we give them the second dose na ina-allocate po iyon kung ilang ang sinabi ng direktor ng ospital ang possible na vaccinees, iyon din po ang binibigay na number of vials. Iyon po.

SEC. ROQUE: Maraming salamat, Dra. Corrales. Next question, please, Trish.

TRICIAH TERADA/CNN PHILS: Sir, I understand iyong AstraZeneca's arrival will be delayed. But do we have any communication from the WHO or COVAX as to when could be the earliest possible arrival, iyong bagong schedule po natin; and ito po, iyong distribution, paano po ang magiging distribution nito?

SEC. GALVEZ: I was informed by the DOH na sa ngayon ay wala pang definite date. Nakikita natin ngayon talaga na sa reality sa ground na napakahirap ng logistic [garbled] ng global pandemic natin ngayon. So we have to understand.

We do understand iyong COVAX kung gaano talaga ka-challenging iyong kanilang trabaho ngayon because they are supplying the whole global community. And nakikita na ngayon, ang ano natin is very indefinite.

So sa ngayon, sa pagkakasabi po sa amin, indefinite. But hopefully, this coming first quarter pa rin po darating po iyon.

SEC. ROQUE: Pagdating po sa rollout, Dra. Corrales, rollout daw ng AstraZeneca?

DR. PAZ CORRALES: Sir, we do not have a definite date yet for that so we cannot answer that, sir.

SEC. ROQUE: Okay. Pero siyempre po, as far as the national vaccination plan is concerned, priority pa rin ang health workers 'no. Hindi po mawawala sa prayoridad ang health workers. At ang naging desisyon nga po ng IATF, pupuwedeng tumanggi ang health workers at tanging mga health workers lamang ang hindi mawawalan ng prayoridad kung sila po ay tumanggi sa ilang brand.

DR. PAZ CORRALES: Sir, may grouping po ng prioritization po kung sino po ang next in line, next in line. Mayroon pong ganoon.

SEC. ROQUE: Okay. Now, next question, Trish. Trish? Okay, go ahead. Next question, Trish. Nag-freeze ka.

Okay, babalikan ka namin for your next questions but you froze away. Usec. Rocky?

USEC. IGNACIO: Yes, Secretary Roque, may tanong tayo mula kay Jo Montemayor ng Malaya: After daw po ng rollout today, kailan po daw mari-receive ng mga nabakunahan ang second dose?

SEC. ROQUE: Yes, Dra. Corrales or Sec. Galvez, kailan mari-receive ang second dose?

NEWS AND INFORMATION BUREAU

DR. PAZ CORRALES: The second dose is given four weeks after, four weeks after the first dose.

SEC. ROQUE: Four weeks after the first dose, okay. Next question please.

USEC. IGNACIO: Opo. Tanong ni Vanz Fernandez: When will the President's personal doctor come up with a decision whether or not Sinovac is fit to be administered to the President? If the President does, will Secretary Harry Roque be providing constant updates on the President's health and effects of the vaccine on him if it is to be expected as he is constitutionally bound to keep the public informed of the President's health?

SEC. ROQUE: We'll, of course. Nangako naman po ang Presidente na kung siya ay magpapabakuna, it will be held publicly. Pangalawa, of course, we will inform you kung ano ang magiging side effects if any on the President. Pero sa ngayon po dahil hindi pa naman po siya magpapabakuna, that is moot and academic.

At lilinawin ko lang po, ang nakasaad sa Konstitusyon, may obligasyon ang Presidenteng isapubliko ang kaniyang medical condition pagdating po sa mga seryosong pagkakasakit lamang. Okay, next question please.

Trish Terada, are you back? Trish? Trish Terada. Okay, wala. Maricel Halili, are you in the house?

MARICEL HALILI/TV5: Hi, sir! Magandang umaga po. Question po for Secretaries Galvez and Roque: Both Vice President Leni Robredo and Senator Kiko Pangilinan called for a further study of Sinovac. They both mentioned that Sinovac must have a positive recommendation from the Health Technology Assessment Council or HTAC. How important is the HTAC recommendation? Kasi ang sinasabi po nila, both Pfizer and AstraZeneca mayroon daw po nitong recommendation na ito. Is this a requirement?

SEC. ROQUE: Sir or would you like me to answer that? HTAC. Okay, Maricel, I will answer that as the primary author of the Universal Health Care Law and we included that and I remember the discussions in Congress, in the 17th Congress on HTAC. HTAC was never intended to have the same function as the Food and Drug Administration.

Pagdating po sa issue ng ligtas at epektibo, iyong desisyon po ng FDA remains. Bakit ba ho kami nag-provide ng provision na iyan doon sa panukalang batas? Kasi importante po na masala natin kung ano iyong essential services na ibibigay natin sa taumbayan na libre; ano iyong mga non-essential na mga services at gamot.

Hindi po nating ginawang intension sa batas na iyan na maghuhusga ang HTAC sa naging unang husga na ng FDA. At ipaglalaban ko po iyan dahil ako naman po ang nagsulong ng Universal Health Care Law. So, tama po, nakasaad po doon mayroon silang rekomendasyon kung bibilhin gamit ang pondo ng taumbayan, but the decision is still the decision of the Secretary of Health.

Okay? I hope that is clear at dahil ako naman po ang nagsulong niyan sa Mababang Kapulungan sa Kongreso at nauna kami sa Mababang Kapulungan ng isang taon o dalawang taon bago naipasa ng Senado ang bersyon nila eh siguro naman po you can give me some

NEWS AND INFORMATION BUREAU

credit na I know what I speak of dahil naging kontrobersiyal din itong HTAC sa committee hearings sa Kongreso.

Okay. Next question, please.

MARICEL HALILI/TV 5: Okay. For Secretary Galvez po. Can we have an update about the Sinopharm, because the Food and Drug Administration mentioned before that Sinopharm still has to apply for an Emergency Use Authorization? So, what will happen kung hindi po sila mag-a-apply ng EUA? And another thing, since President Duterte expressed his preference to Sinopharm, mayroon na po bang update kung covered siya noong compassionate use license na ini [*technical difficulties*] ng FDA

SEC. ROQUE: [*OFF MIC*] Okay. Ganito po ano, wala pa pong application ang Sinopharm, although we asked our embassy to facilitate the registration of Sinopharm for purposes of an EUA.

Patuloy pa rin pong pinag-aaralan ng legal department ng Palasyo iyong issue if the President as commander-in-chief of the Armed Forces can have Sinopharm under compassionate use. Wala pa pong resulta ang pag-aaral and we will announce it kapag mayroon na pong resulta ang pag-aaral and we will announce ito kapag mayroon na pong resulta

MARICEL HALILI/TV 5: Last question na lang po, sir, follow-up lang po doon sa Pfizer. Following the passage of the Vaccination Act, does it mean that Pfizer is still demanding for a full blanket protection? What will happen if hindi sila nag-agree doon sa prinopose natin na indemnity agreement? What will be our fallback?

SEC. ROQUE: Secretary Galvez?

SEC. GALVEZ: Mayroon pa naman tayong solusyon doon dahil kasi katulad ngayon, mayroong sulat ang WHO kay CEO (Albert) Bourla na kailangan lang iyong tinatawag na COVAX indemnity agreement plus iyong side letter ay pirmahan po namin iyon. Sa ngayon po, pinag-aaralan ng ating mga lawyers and I believe puwede na pong mapirmahan iyon.

So, iyong isa na tinatawag natin na remedy is to have that side letter. Once na we agreed on that side letter to be signed, Pfizer can deliver. And also, the Pfizer CEO Mr. Bourla, have promised that their commitment on COVAX that they will deliver the promised dosage that they have, iyong 117,000.

SEC. ROQUE: Okay.

MARICEL HALILI/TV 5: All right. Maraming salamat po.

SEC. ROQUE: Ang next question will come from Trish Terada dahil naputol siya kanina.

TRICIAH TERADA/CNN PHILIPPINES: Hello, Spox? Can you hear me now?

SEC. ROQUE: Go ahead.

NEWS AND INFORMATION BUREAU

TRICIAH TERADA/CNN PHILIPPINES: Sir, habol ko lang iyong question. Because this is technically the first legally administered vaccine, so what would happen, sir, doon sa mga nag-ship and got them illegally? Will the government be running after them?

SEC. ROQUE: Well, I don't know quite frankly 'no. But a compassionate use permit has been issued to Sinopharm and in law, there could be instances where we ratify acts earlier than, because of subsequent acts. But my initial legal opinion is it may have the effect or ratifying what had happened earlier but I could be wrong and that's my personal legal opinion.

TRICIAH TERADA/CNN PHILIPPINES: Sir, but what I mean is, for example for civilians who were able to ship it illegally or - I don't know if – in some other way, how will the government address that? Will the government still be running after them?

SEC. ROQUE: Garbled, can you repeat your question. Garbled.

TRICIAH TERADA/CNN PHILIPPINES: I was meaning, sir, for the civilians. For example, civilians who were able – or ordinary citizens – who were able to get the vaccines illegally or were able to ship them illegally or administered them illegally, will the government be running after them? Because, sir, I'm asking that because paano na po ba iyong magiging policy if for example an individual has a capacity to bring in certain number of doses for his/her family or for whoever. Huhulihin po ba sila? Will the government be running after them as well?

SEC. ROQUE: May personal legal opinion, this is not yet the official legal opinion but because I am being asked as a lawyer, is that the effect of ratification will extend to all vaccines procured by the PSG only. Okay?

Yes, Joseph. Okay na tayo, Trish 'no? I move on to Joseph Morong now.

TRICIAH TERADA/CNN PHILIPPINES: Sir, one very short? May address po ba si Pangulo later, sir?

SEC. ROQUE: Ano? Ano? Ano daw?

TRICIAH TERADA/CNN PHILIPPINES: May address po ba si Pangulo?

SEC. ROQUE: Ah okay. We will have a meeting with the President tonight and yes, he will have his Monday *Talk to the People* tonight.

Joseph Morong, please.

TRICIAH TERADA/CNN PHILIPPINES: All right. Thank you, sir.

JOSEPH MORONG/GMA 7: Good morning, sir! How are you?

SEC. ROQUE: Good morning.

JOSEPH MORONG/GMA 7: Sir, can I go first to Secretary Galvez?

SEC. ROQUE: Of course! Please do.

JOSEPH MORONG/GMA 7: Secretary Galvez, how are you doing?

NEWS AND INFORMATION BUREAU

SEC. ROQUE: Garbled. Garbled.

JOSEPH MORONG/GMA 7: Sir, hello? Good afternoon, sir! Sir, can you hear me? Can you hear me now, sir? Sorry

SEC. GALVEZ: Yes. Joseph.

JOSEPH MORONG/GMA 7: Sir, kumusta ka na? Nakakahinga na ba kayo nang maluwag, sir ngayon?

SEC. GALVEZ: Alam mo, iyong once na dumating iyong vaccine kahapon, I think we all feel very relieved. I became very emotional dahil talagang first vaccine na dumating and alam natin na inip na inip na ang ating mga kababayan pati na ang ating mahal na Presidente.

And that doses of hope have arrived yesterday and talagang very emotional kami nina Secretary Duque because the pressure is on us and even burden. A lot of sacrifices na nakita na talagang tuwang-tuwa kami dahil kasi talagang at least mayroon nang vaccine para sa ating mga health workers.

So, iyon po ang naramdaman po namin.

JOSEPH MORONG/GMA 7: Sir, iyong last question ko, sir, medyo kung if possible dahan-dahan tayo doon sa data because ang question ko, sir, is right now iyon pong 600,000 na donated vaccines that's only for health care workers and uubusin ninyo po iyan sa mga health care workers all over the country.

Right now, your data is 600,000 plus 3.5 within March, so that would be 4.1 million for health care workers. So, ang mako-cover po noon is around two million na mga health care workers, tama po ba?

SEC. GALVEZ: Yes. Ang expected natin ngayon sa first quarter is more or less 5.1 kasama dito iyong 600,000 plus iyong ano, iyong more or less 3.5 million from COVAX at another one million for our procurement with Sinovac.

Ang pinaka-main objective natin talaga is to preserve the institutions of the healthcare workers at saka iyong mga hospitals natin and, at the same time, iyong tinatawag nating mga government institutions will be preserved. So, iyong 5.1 million na iyon is really intended for our healthcare frontliners.

JOSEPH MORONG/GMA 7: So that will be, sir, around 2.5 million healthcare workers. Ang data po ninyo is mayroon tayo na 1.7 million lang na health workers. So may sobra, sir, ano?

SEC. GALVEZ: Yes. Kasama doon iyong tinatawag nating mga government essential workers. Kasama po doon, nakita natin iyong ating mga Barangay Emergency Response Teams and also iyong mga local government agencies na talagang nakita natin na pumunta doon sa iba't ibang mga lugar na affected areas. Ang ano nga namin doon, ang recommendation namin, after the healthcare workers ay isasama po natin iyong mga influencers natin iyong mga mayors, iyong mga barangay captain. Kasi nakita namin talaga sa baba, kapag once na ang ating mga lider ang nagpabakuna, susunod na iyan. Sa military pa

NEWS AND INFORMATION BUREAU

nga, isang infantry, follow me, ang ibig sabihin kapag nagpabakuna ang mga lider, they will follow.

JOSEPH MORONG/GMA 7: Sir, iyong ordinary individuals?

SEC. ROQUE: Garbled ka eh.

JOSEPH MORONG/GMA 7: Sir, can I just go back and then fix this Sky internet, sir?

SEC. ROQUE: Okay. Punta muna kami kay Pia Gutierrez, para maayos. But you have two more questions. Yes, Pia Gutierrez of ABS-CBN, go ahead please.

PIA GUTIERREZ/ABS-CBN: Hi, sir! Good afternoon. Sir, question for Secretary Galvez. Sir, follow up lang po doon sa question ni Pia doon sa pronouncement ni President Duterte that he will remove restrictions once the Philippines gets an ample supply of vaccines, he said that is around 20 to 40 million. Can you give us an estimate, sir, when do we expect to hit this number of vaccines based on our schedule?

SEC. GALVEZ: Nakita po natin sa ating schedule, sa first quarter is magkakaroon tayo ng 5.1 million, sa second quarter ang expected po natin is more or less 26 million. Ang then iyong main bulk ng ating mga vaccine will be coming sa third quarter at saka fourth quarter. So more or less mayroon tayo na mga 50 to 60 million each doon sa third quarter and fourth quarter.

Nakikita ko iyong sinasabi ng ating mahal na Presidente. Sabi niya noong una, basta mayroon tayong 2 million na naka-standby, na iyon hindi na parang nauubos, ibig sabihin nasu-sustain na natin iyon, puwede na tayong magbitiw ng tinatawag nating face to face at saka magluwag sa MGCQ. Iyong 40 million, I believe baka nagkamali lang siya, pero ang unang narinig ko, basta mayroon lang tayong standby na 2 million at iyon ma-sustain natin iyon, I can already open the economy.

PIA GUTIERREZ/ABS-CBN: Sir, that is for the entire Philippines na or just NCR?

SEC. GALVEZ: Kaya nga ang ano namin, nag-usap kami kaagad ng Department of Finance, ng aming mga negotiator, let's maintain na magkaroon tayo ng tinatawag nating mayroon tayong tinatawag na standby stockpile na more than 2 million and above. So once na we will have that stockpile and we will maintain it 2 to 5 million, we can now convince the President to open the economy and also have the face-to-face education. Talagang alam niya na, he also realized na talagang nagkaroon ng contraction ang ating economy. But alam natin ng ating mahal na Presidente ang nakikita niya, he was also sympathizing with the Mayors na sa kaniya buhay muna, bago ang ekonomiya. Kasi sabi sa amin, madalas kaming nag-uusap, na iyong pera at saka iyong ekonomiya mare-recover lahat iyan anytime. But he fully supports our experts, medical experts na iyong buhay hindi na natin maibabalik iyan – once it's lost, forever lost. So iyon ang inaano niya. So, let's hope na this coming second quarter ay tataas po ang level ng stockpile po natin.

PIA GUTIERREZ/ABS-CBN: So possible, sir, second quarter?

SEC. GALVEZ: Possible po second quarter, mga mid second quarter. Nakikita natin na kapag once na sa May dumating na iyong AstraZeneca, iyong nabili natin and also iyong Novovax and also most likely kung iyong promise ng COVAX dumating iyong more than 6.5 million this

PRESS AND INFORMATION BUREAU

coming second quarter ay medyo tatayo po, tataas po ng more or less 10 million po ang ating stockpile this coming second quarter.

PIA GUTIERREZ/ABS-CBN: Sir, follow up. He also said that he expects the Philippines to get back to normal by 2023. So, what conditions are that dependent on, sir?

SEC. ROQUE: Ano raw iyong mga kondisyones para bumalik ang Pilipinas sa normal, dahil ang sabi ni Presidente 2023 pa tayo babalik sa normal?

SEC. GALVEZ: Nakikita ko iyong ano, once na we were able to gather iyong enough volume this year, maybe nakikita natin sa usapan namin, mid 2022 baka umangat na po tayo nang husto. Sa ngayon nakikita natin itong economy natin, once na nakita natin na maganda iyong ating vaccination program, we succeeded on negotiating more volumes, nakikita natin aakyat ito ng bandang third quarter, fourth quarter and it could stabilize maybe at the mid of 2022.

SEC. ROQUE: Sandali ah, can I ask the medical doctors to respond. Kasi kailan ba talaga maa-achieve ang herd immunity matapos mabakunahan ang 70% ng populasyon, para malaman natin kung kailan talaga tayo babalik sa normal?

DR. SALVAÑA: Well, unang-una po, actually iyong herd immunity sa ngayon, wala pa pong katiyakan. Naririnig naman po natin itong mga variants na puwedeng iyong iba bumababa iyong efficacy vaccine, pero puwede rin naman nating i-tweak iyong vaccine.

Katunayan itong kind of vaccine na Sinovac which is an inactivated of whole virus, ibig sabihin iyong buong virus, we actually expected to be more variant resistant kasi maraming kinds of antibodies against the different pieces. Iyong iba kasi spike protein lang, eh alam naman natin mabilis mag-mutate iyong spike protein. So the advantage of having many kinds of vaccines is that iyong virus, hindi siya maka-develop ng immunity sa isa lang; sabay-sabay po nating inilalalabas talaga iyan.

Now, as for herd immunity, sa ngayon po ang sigurado lang po tayo is iyong prevention of severe disease. Kasi iyong tinatawag na sterilizing immunity na kung makapasok iyong virus sa iyo tapos hindi ka na magkakaroon ng kahit mild disease, wala pa pong nakakapruweba na iyon. To a certain extent, maybe iyong sa Astra, mukhang mga two-thirds baka mayroong sterilizing immunity pero hindi pa po siya confirmed. So, until we find vaccines that have sterilized immunity, some of them may have iyong mayroon tayo ngayon pero hindi pa po napupruweba kasi ang hirap noong gawin eh. You have to swab everybody every single week as supposed to isa-swab mo lang iyong nagkakasakit.

So, iyong immediate goal ng EUAs po talaga is to target the most at risks. Sino po iyon, tayong mga healthcare workers at iyong mga seniors po natin at iyong mga comorbids. Kung iyon pa lang po mabakunahan na natin, protektado na po sila, more than 90% po ang bagsak ng severe at nakakamatay na disease.

Kita naman ninyo sa Israel, bagsak na po talaga iyong cases nila after they have gotten the vaccination and that is with Pfizer and that is without confirmed the herd immunity, pero binakunahan mo pa lang as a function of it babagsak ang ating deaths by more than 90%.

SEC. ROQUE: Pero, Doc, iyong sinabi ni Presidente na 2023 we are back to normal, if we are able to vaccinate 50 to 70% in 2021, feasible ba ho iyon based on science?

PRESS AND INFORMATION BUREAU

DR. SALVAÑA: Sa akin, sir, actually kung mabakunahan lang natin iyong mga high risk population, parang sipon na lang ito. So, siguro magma-mask pa rin tayo kahit papaano, it's what I call a better normal. But you know, I don't really want to go back to that old normal rin eh kasi 'di ba napaka-wasteful at hindi rin po tayo lalo na iyong mga ginagawa natin, we are taking so many things for granted.

So ngayon po, sa akin, hindi naman siya babalik doon sa kagaya ng dati, ever, I hope not in fact. But in terms of being able to travel other places and get our economy going, sa akin as long as we vaccinate most of our high-risk populations, itong COVID hindi na siya nakakatakot, magiging sipon na lang po siya.

SEC. ROQUE: Okay. I have breaking news po. Breaking news: Hindi ko po alam kung tapos na but Sinopharm will apply for EUA. Hindi ko lang po alam kung nai-file na but definitely it will file within the day. Ulitin ko po, Sinopharm will be filing for EUA; kung hindi po nai-file na as we speak, it will be filed within the day.

Okay. Next question, please.

PIA GUTIERREZ/ABS-CBN: Okay, sir. Sir, follow up on that Sir. So, ibig sabihin kapag naaprubahan na po iyong EUA, hindi na po itutuloy iyong pag-aaral kung isasama si President Duterte doon sa compassionate use license na binigay sa Sinopharm?

SEC. ROQUE: Well, alam ninyo po, it will take around 21 days more or less, for the FDA to act on the application that will be filed today or that has been filed today. So 21 days po iyon 'no so hindi ko po alam when the legal opinion of the Malacañang legal office will come out on whether or not he can have his shot under the compassionate use – so whichever comes first.

PIA GUTIERREZ/ABS-CBN: One more question, Sir. This is not connected to vaccines but Vice President Leni Robredo criticized the President's decision to make November 2, December 24 and last day of the year as regular working days. Sabi niya this would mean lower income for workers and fewer times for their families. Could you explain to us the rationale behind that decision? Mayroon po bang study na pinagbasehan ang Pangulo na these 3 days would make an impact in our economic recovery?

SEC. ROQUE: Okay. Ang tanong ni Pia tungkol po doon sa regular working 'no. Pero hindi naman siya regular, it's called special working. At if I understand what special working is, baka po, oo baka po… baka po half day ang ibig sabihin niyon kaya special working day. Well ang rationale naman po diyan, dahil nga po sa COVID-19 eh talagang ang dami na nating mga pagkakataon na hindi nakapasok ang ating mga manggagawa. At siguro ngayong nandito na iyong bakuna eh kinakailangan tayo kahit papaano maka-recover ng lost time 'no.

Now, doon po sa aking anunsiyo sa Sinopharm, I stand corrected – it has been filed. They have already filed with the FDA an application for EUA for Sinopharm vaccine. Nai-file na po.

Okay. Joseph Morong, please.

JOSEPH MORONG/GMA7: Hi, sir. Sir, I'll go back to Secretary Galvez. Sir, I don't know if it has been asked kanina noong nawala ako. Pero sir just for the record, ngayon po mga health care workers iyong binabakunahan natin. Pero kailan po iyong mga regular individuals such as myself or iyong ibang mga nagtatrabaho po na puwedeng bakunahan?

NEWS AND INFORMATION BUREAU

SEC. GALVEZ: Nakikita natin sa second quarter po natin makukuha iyon once na dumating na po iyong ibang ano po ng COVAX. We are expecting to have 5.2 to 9.5 million, so nakaano po iyan sa second quarter, so doon po magsisimula tayo kapag once na nakuha na natin iyong sa COVAX. And also, we have initial deliveries from Sinovac and also COVAX and also AstraZeneca during sa second quarter, doon na po tayo magkakaroon ng tinatawag natin sa general public immunization. Sa ngayon po talaga iyong first quarter, we dedicate po to our health care workers.

JOSEPH MORONG/GMA7: So, second quarter sir that will be… ano ba 'yan? March, April… so May.

SEC. GALVEZ: Bale ang ano natin, May ang ano natin, pinakaano natin, May. Kasi we have to understand, nakita natin Joseph, na talagang very acute iyong shortage ng ating global vaccines and we are trying to really to haggle on early deliveries. Actually nga, Joseph, ang ginagawa nga natin sa negotiation, we are paying more, inaakyat namin iyong price to have them deliver it early. Kasi iyong price na iakyat natin, iyong economic gains is more than enough to cover that prices, so iyon ang ginagawa natin sa negotiation. So iyon ang isang inaano natin, sa Moderna and other vaccines na puwede silang magkaroon ng earliest delivery this coming May or maybe even April. Iyon ang inaano po natin.

JOSEPH MORONG/GMA7: Sir, how much is the markup? Magkano natin i-increase?

SEC. GALVEZ: So ang ano natin, mga ilang ano lang iyan, mga more or less mga ilang dollars. Kasi ang ano natin is for them to have it earlier. In fact, iyong ibang countries talaga like Israel, they double the price so that they can capture iyong ano and then they pay in cash. So ganoon ang labanan sa global market. So, talagang kailangan you have to step up your negotiation or else, sinasabi nga natin, you will be on the end line.

JOSEPH MORONG/GMA7: Sir, sorry. Walk me through, sir. Iyong mga available na vaccines sa May would be, you have AstraZeneca ng 17 million, correct?

SEC. GALVEZ: Ang magiging available this second quarter is iyong COVAX Facility, kasama iyong Pfizer at saka AstraZeneca. And then iyong sa ating procurement, we have Sinovac. We have also iyong 2.6 million na galing sa private sector and also iyong Novavax. Kaya nga pupunta tayo sa India, so that we can really negotiate na magkaroon tayo nang early delivery for humanitarian reasons.

JOSEPH MORONG/GMA7: So, sir, iyan iyong 9 million sir 'no? Secretary Roque, one question for you please.

SEC. ROQUE: Okay. One last.

JOSEPH MORONG/GMA7: Sir, iyon pong Johnson and Johnson, patanong ng isa naming reporter, parang nahihirapan yata to get people to join the clinical trials. Is that correct?

SEC. GALVEZ: Iyong sa clinical trial, ang nakakaalam po niyan DOST. Pero sa negotiation po natin, maganda po ang negotiation natin sa Johnson and Johnson, very positive.

JOSEPH MORONG/GMA7: All right, sir. Thank you for your time, sirs.

NEWS AND INFORMATION BUREAU

SEC. ROQUE: Okay. Maraming salamat po. Sa puntong ito dahil wala na po tayong mga katanungan, magpapasalamat po tayo sa ating naging panauhin: Dr. Minguita Padilla, Mayor Isko Moreno, Dr. Gap Legaspi, Secretary Galvez, Dr. Salvaña and of course Dr./Director Paz Corrales.

Patuloy pa rin po ang pagbabakuna dito sa UP-PGH kung saan sumobra na po ang mga numero na inaasahan nilang magpapabakuna. At inaasahan po natin na ganito rin po ang magiging karanasan sa ibang mga hospital kung saan sinimulan na rin natin ang ating vaccination program diyan po sa Lung Center, sa Philippine Veterans Hospital at sa Jose Lingad Memorial Hospital.

Sa ngayon po, si Dr. Duque at si Secretary Vince Dizon ay natapos na rin magpabakuna at dito naman po sa PGH patuloy nga po ang mga health workers sa kanilang pagbabakuna.

Mga kaibigan, mga kababayan… ito po iyong pinakahihintay natin. Ito na po iyong bukas natin sa kabila ng COVID-19. Hindi po tayo lahat mababakunahan sabay-sabay, kaya kinakailangan naman ngayong narito na ang bakuna eh siguraduhin namang umabot kayo sa bakuna. Huwag kayong magpahawa sa COVID-19, kaya po iyan sa pamamagitan ng mask, hugas at iwas.

At doon sa mga nag-aatubili na magkaroon ng bakuna, naku po, kung hindi kayo naniniwala sa mga dalubhasa na kagaya ni Dr. Salvaña, Dr. Minguita Padilla, ni Dr. Bravo at Dr. Solante eh maniwala po kayo kay Dr. Fauci. Ang sabi po nilang lahat, Pilipino at Amerikano, ang pinakamabuting bakuna ay ang bakuna na naririto na.

Sa ngalan po ng ating Presidente Rodrigo Roa Duterte, Pilipinas, bakuna na tayo! Balik buhay dahil po sa bakuna! Magandang umaga po sa inyong lahat.

###

--
News and Information Bureau-Data Processing Center

NEWS AND INFORMATION BUREAU